# Pakikipagusap sa mga Magulang at Kabataan Tungkol sa Fentanyl

## Fentanyl sa County ng Los Angeles

Sa County ng Los Angeles, ang mga pagkamatay ng mga kabataan dahil sa overdose mula 2019 hanggang 2020 ay nadoble (sa panahon ng pandemya ng Covid-19), at noong 2021, natukoy ang fentanyl sa halos 77% ng mga pagkamatay ng kabataan sa overdose sa buong bansa. Nakakaranas kami ng pinakamasamang krisis sa overdose sa kasaysayan ng County ng Los Angeles. Kabilang sa mga kamakailang lokal na trahedya ang tatlong kabataan ng County ng Los Angeles na nag-overdose sa MDMA na kontaminado ng fentanyl noong Mayo 2022. Noong Setyembre 13, 2022, natagpuang patay sa campus ang isang 15 taong gulang na estudyante ng Mataas na Paaralan ng Bernstein sa Hollywood pagkatapos inumin ang tabletang naglalaman ng fentanyl. Mayroong hindi bababa sa 7 naiulat na overdose ng iba pang kabataan sa County ng Los Angeles.

Maaaring matagpuan ang fentanyl sa loob ng mga pekeng tableta at iba pang mga ipinagbabawal na gamot sa loob ng County ng Los Angeles at nagdudulot ang presensya ng fentanyl ng mataas na rate ng overdose at kamatayan. Ang senaryo ng mga pagkamatay sa overdose ay hindi na pangunahin sa mga taong regular na gumagamit. Dahil sa fentanyl, nakikita namin ang mga taong nag-o-overdose at namamatay sa unang beses na sumubok sila ng ipinagbabawal na sangkap o pekeng tableta.

**Ang mga pakikipag-usap ay maaaring makapagligtas ng buhay.**

**Ano ang masasabi sa kabataan tungkol sa fentanyl at mga overdose:**

1) Sinumang gumagamit ng mga ipinagbabawal na sangkap (tulaad ng cocaine, methamphetamine, MDMA (ecstasy), o heroin), mga pekend tableta (na binili online o personal na mga dealer tulad ng, oxycodone, morphine, o mga pangpakalma tulad ng Xanax), o kung sino ang kumuha ng gamot na hindi inireseta sa kanila at kinuha mula sa parmasya ay nasa panganib na ma-overdose.
2) Ang Fentanyl ay nakikita sa maraming ipinagbabawal na sangkap at pekeng tableta. Ang mga nagbebenta ng droga ay hindi palaging alam kung ano ang nasa mga tabletang kanilang ibinebenta.
3) Kung mag-eeksperimento ka sa mga sangkap:
    a. Magdala kayo ng naloxone (Narcan).
    b. Huwag gamiting mag-isa (Magsama ng isang taong maaaring sumubaybay para sa overdose at magbigay ng naloxone (Narcan)) o tumawag sa NeverUseAlone sa 1-800-484-3731.
    c. Suriin ang mga sangkap para sa fentanyl gamit ang fentanyl testing strip, na maaaring bilhin online sa pamamagitan ng BTNX, Dose Test, Dance Safe, Wisebatch, o TACO.
    d. Huwag bumili ng mga sangkap mula sa mga hindi kilalang mapagkukunan.
4) Makipag-ugnayan para sa tulong sa iyong tagapayo, pediatrician, therapist, mga magulang kung gusto mong gumamit ng mga sangkap.

**Paano makakausap ng mga magulang ang kanilang mga anak tungkol sa fentanyl at mga droga:**

1. Magkaroon ng bukas at tapat na pag-uusap tungkol sa mga droga kasama ang inyong mga anak nang mas maaga at madalas.
2. Maging malinaw tungkol sa inyong mga inaasahan.

   a. Ang pagsasabi ng “maging matalino” ay maaaring iba ang kahulugan sa iyo kaysa sa anak mo. Ang pagiging direkta sa pamamagitan ng pagsasabi ng isang bagay tulad ng “Inaasahan kong hindi ka iinom at magmaneho o gagamit ng mga ipinagbabawal na sangkap” ay mas malinaw.

3. Gumamit ng wika at mga kontekstong naaangkop sa edad para matulungan silang maunawaan kung ano ang maaaring gawin ng mga ipinagbabawal na gamot.
   a. Para sa mga batang nasa elementarya: Talakaying hindi ka umiinom ng gamot ng iba at umiinom ka lang ng gamot kapag inireseta ito ng iyong doktor o inaprubahan ng mga magulang mo.
   b. Para sa mga kabataan: Subukang magtanong tungkol sa kung ano ang alam nila tungkol sa mga sangkap at hayaan silang magbahagi sa iyo. Magbigay ng naaangkop na impormasyon kapag nagtatanong sila at maging tapat kapag hindi mo alam ang isang bagay at maghanap ng mga mapagkukunan nang magkasama. Iwasang subukang pangaralan sila.
4. Gumawa ng ligtas at hindi mapanghusgang espasyo.
5. Laging makinig sa kung ano ang alam nila at sagutin ang kanilang mga tanong nang tapat hangga't maari.
6. Humingi ng tulong kapag kailangan mo.
7. Ang karagdagang gabay para sa mga magulang at pamilya ay available dito at dito.

Bisitahin ang www.RecoverLA.org para sa higit pang impormasyon.